



Amyotrophic Lateral Sclerosis (ALS)

Ang Amyotrophic lateral sclerosis (ALS), na tinatawag rin na Lou Gehrig's disease, ay isang lumalalang neurological disease na nakaka-apekto sa humigit-kumulang sa 30,000 mga katao sa Estados Unidos; halos 5,000 mga bagong kaso ang na-diagnose kada taon.



TANONG: Ano ang ALS?

1 Bumisita sa <https://www.christopherreeve.org/international/tagalog-hub/> para sa mga karagdagang mapagkukuhanan ng impormasyon at tulong | Na-update: Oktubre 2023

Ang ALS ay napapabilang sa mga klase ng disorder na kilala bilang motor neuron diseases. Ang motor neurons ay mga nerve cell na matatagpuan sa utak, brainstem, at spinal cord na nagsisilbi bilang nagkokontrol sa mga unit at mahahalagang komunikasyon sa pagitan ng nervous system at mga kusang paggalawa ng mga muscle sa katawan. Ang kawalan ng mga cell na ito ay nagdudulot ng paghina at di paggamit ng mga muscle na nakokontrol nito, na humahantong sa paralysis. Ang mga sintomas ng ALS ay lumalala sa paglipas ng panahon. Ito ay karaniwang nakakamatay sa loob ng limang taon nang gawin ang diagnosis, pero halos 10% ng mga pasyente ay nabubuhay ng hanggang isang dekada pa.

TANONG: Ano ang mga sanhi ng ALS?

Ang pinagmulan ng ALS ay hindi natitiyak? Kasalukuyang iniimbestigahan ng mga scientist ang genetic at environmental na factor.

Ang karamihan sa mga kaso ng ALS ay nakokonsiderang pasumpong-sumpong, na kung saan ang sakit ay tila random na dumadating. Halos 10 porsiyento ng mga kaso ay mana sa pamilya, na may mga pagkakaugnay sa mga depekto o mutation ng ilang genes. Ang mga indibiduwal na ang mga miyembro ng pamilya ay may ALS ay mas nanganganib, pero ang pangkalahatang panganib ay lubos na mababa, at may posibilidad na hindi magkakaroon ng ganoong sakit.

Ang ALS ay maaaring mangyari kahit kailan, pero karaniwang dumarating kapag mid-life, ang karamihan sa mga indibiduwal na na-diagnose sa pagitan ng mga edad na 55 at 75. Ang mga lalaki ay halos isa at kalahating beses na may posibilidad na magkaroon ng ganitong sakit kaysa sa mga babae.

TANONG: Ano ang mga sintomas ng ALS?

Ang ALS ay lumalabas sa iba't ibang mga paraan, depende kung aling muscle ang unang manghina. Maaaring kabilang sa mga sintomas ang pagdapa o pagkahulog, kawalan ng kontrol sa mga kamay at braso, kahirapan na magsalita, paglunok at/o paghinga, patuloy na panghihina, at pag-twitch at pamumulikat.

Dahil ang ALS ay nakaka-apekto lang sa mga motor neuron, ang sakit ay hindi karaniwang nakakapinsala sa utak ng tao, sa personalidad nito, sa katalinuhan, o memorya. Hindi ito nakaka-apekto sa kakayahan ng taong makakita, makaamoy, makalasa, makarinig, o kumilala sa nahahawakan. Ang mga indibiduwal na may ALS ay karaniwang nakakapanatili ng kontrol sa bladder (pantog) at bowel function pero maaaring makaranas ng mas madalas na biglaang pakiramdam na umihi (ang dumidiin na pakiramdam ng pag-ihi) at

constipation.

TANONG: Paano ginagamot ang ALS?

Walang lunas para sa ALS, pero wala rin napatunayan na therapy na makakapagiyas o magpapabalik sa dating kalagayan. Ang Food and Drug Administration (FDA) ay nag-apruba sa paggamit ng riluzole para mapangasiwaan ang ALS. Ang gamot ay napatunayan na makakapagpahaba sa buhay ng mga pasyenteng may ALS ng ilang mga buwan, karaniwang doon sa may mga kahirapang lumunok, at habaan ang panahon bago kailanganin ng may sakit ang ventilation support. Ang Riluzole ay di nagpapabalik sa pinsalang nadulot sa mga motor neuron, at ang mga pasyenteng gumagamit ng gamot na ito ay dapat bantayan para sa pinsala sa atay at iba pang mga posibleng side effect.

TANONG: Ano ang magagawa ko para mapangalagaan ang aking pisikal na kalusugan nang may ALS?

Ang Physical therapy at espesyal na equipment ay maaaring magpahusay sa kakayahang makapag-isa at kaligtasan sa kabuuan ng kurso ng ALS. Ang low-impact aerobic exercise tulad ng paglalakad, swimming, at stationary bicycling ay maaaring magpalakas sa mga di naaapektuhang muscle, magpahusay sa cardiovascular na kalusugan, at makakatulong sa mga pasyente na labanan ang lubos na pagkapagod at depression. Ang saklaw ng kilos at mga ehersisyo ng stretching ay maaaring makatulong na maiwasan ang masasakit na spasticity at mga contracture ng muscle. Ang mga occupational therapist ay maaaring magmungkahi ng mga device tulad ng mga rampa, brace, walker, at wheelchair na makakatulong sa mga pasyente na makatipid ng enerhiya at manatiling nakakakilos.

TANONG: Ano ang iba pang mga suportang maaaring makatulong na umalalay sa akin sa diagnosis na ito?

Ang mga social worker at mga home care at hospice nurse ay makakatulong sa mga pasyente, pamilya, at caregiver na may medikal, emosyonal, at pinansiyal na mga hamon habang namumuhay nang may ALS, lalo na sa mga huling yugto ng sakit na ito. Ang mga social worker ay nagbibigay ng suporta tulad ng tulong sa pagtatamo ng pinansiyal na tulong, pagsasaayos ng durable power of attorney, paghahanda ng living will, at paghahanap ng mga support group para sa mga pasyente at caregiver.

TANONG: May mga clinical trial ba para sa ALS?

Oo. Para makahanap ng mga kasalukuyang isinasagawang trial para sa ALS, magpunta sa [ClinicalTrials.gov](https://www.clinicaltrials.gov) (<https://www.clinicaltrials.gov>) isang website na maaaring paghanapan ng mga pampubliko at pribadong sinusuportahang mga clinical study na pinamamangasiwaan ng National Library of Medicine sa National Institutes of Health (<https://www.nih.gov>).

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: National Institute on Neurological Disorders and Stroke, ALS Association, Merck Manual, Centers for Disease Control and Prevention.

Kailangan ng kausap?

Maaaring tumugon ang aming Mga Information Specialist sa inyong mga tanong. Tumawag sa libreng toll, 1-800-539-7309 Lun-Biy, 7 am-12 am (hatinggabi) EST. O mag-iskedyul ng tawag o magtanong online sa <https://connect.paralysis.org/tl/send-us-your-question>.

Ang impormasyong nakapaloob sa mensaheng ito ay inilalahad para sa layunin ng pagbibigay-kaalaman at impormasyon sa inyo tungkol sa paralysis at sa mga epekto nito. Walang anumang nakapaloob sa mensaheng ito ang dapat ipakahulugan o gamitin para sa medikal na diyagnosis o paggamot. Hindi ito dapat gamitin na panghalinhin sa payo ng inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Kung mayroon kayong mga tanong na may-kaugnayan sa health care, agad na pakitawagan o puntahan ang inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider. Palaging kumonsulta sa inyong doktor o iba pang kwalipikadong health care provider bago magsimula sa panibagong paggamot, diyeta, o programa sa fitness. Hindi ninyo dapat kailanman balewalain ang medikal na payo o mag-atubili sa paghahanap nito dahil sa anumang nabasa ninyo sa mensaheng ito.

Ang lathalang ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng gawad sa pinansyal na tulong na may kabuuang halaga na \$10,000,000 na 100 porsiyentong pinopondohan ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay mula sa (mga) may-akda at hindi tuwirang kumakatawan sa mga opisyal na pananaw ng, ni pag-eendorso ng ACL/HHS, o ng Pamahalaan ng U.S.